PANIMULANG GABAY PARA SA


# MGA BATA AT KABATAAN

NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW



# LAYUNIN

Upang mapalakas ang iyong pananampalataya kay Jesucristo at tulungan ka at ang iyong pamilya na umunlad sa landas ng tipan habang hinaharap ninyo ang mga hamon ng buhay.



## Maghangad ng Paghahayag

Maaari ninyong malaman sa inyong sarili—sa edad ninyong ito mismo—kung paano tumanggap ng personal na paghahayag. At wala nang ibang makagagawa ng mas malaking kaibhan sa buhay ninyo kaysa riyan!

**—PANGULONG RUSSELL M. NELSON**
"Pag-asa ng Israel," pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018, suplemento sa *New Era* at *Ensign,* 2, ChurchofJesusChrist.org



## Bumuo ng Mabuting Pagsasamahan

Kailangan nating lahat ng mga tunay na kaibigang magmamahal, makikinig, magpapakita ng halimbawa, at magpapatotoo ng katotohanan sa atin upang mapanatili natin ang patnubay ng Espiritu Santo. Dapat ay ganoong uri kayo ng kaibigan.

**—PANGULONG HENRY B. EYRING**
"True Friends," *Ensign,* Mayo 2002, 29



## Gamitin ang Kalayaan

Mga hangarin ang nagdidikta ng ating mga prayoridad, mga prayoridad ang humuhubog sa ating mga pasiya, at mga pasiya ang batayan ng ating mga kilos. Ang mga hangarin na sinisikap nating kamtin ang batayan ng ating pagbabago, ating tagumpay, at ating kahihinatnan.

**—PANGULONG DALLIN H. OAKS**
"Hangarin," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2011, 42



# PAGSUNOD SA TAGAPAGLIGTAS SA LAHAT NG ASPETO NG INYONG BUHAY

Nais ng Ama sa Langit na kayo ay matuto at umunlad. Isinugo Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo upang maging perpektong halimbawa para sa ating lahat sa lahat ng paraan. Itinuturo sa atin sa mga banal na kasulatan na sa Kanyang kabataan, "Lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52).

Si Jesucristo ay umunlad sa lahat ng aspeto ng Kanyang buhay—**sa espirituwal** (pagbibigay-lugod sa Diyos), **sa panlipunan** (pagbibigay-lugod sa tao), **sa pisikal** (pangangatawan) at **sa intelektuwal** (karunungan) —at ito ay magagawa rin ninyo!




Ano ang mga ginagawa na ninyo sa mga aspetong ito?
Simulang isipin kung ano ang gusto ninyong pagbutihin o simulang gawin.

*Isulat o idrowing ang inyong mga ideya sa mga kahon sa ibaba:*

| | |
|---|---|
| **ESPIRITUWAL** | **PANLIPUNAN** |
| **PISIKAL** | **INTELEKTUWAL** |


# PATULOY NA SUMULONG

Susuportahan kayo sa inyong mga pagsisikap na sundin si Cristo habang umuunlad kayo sa apat na aspetong ito sa pamamagitan ng **pag-aaral ng ebanghelyo, paglilingkod at mga aktibidad,** at **personal na pag-unlad.**



## Pag-aaral ng Ebanghelyo

Ang pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan at sa simbahan ay nagbibigay sa inyo ng espirituwal na pundasyon sa lahat ng bagay sa inyong buhay. Kapag ipinamumuhay ninyo ang inyong pinag-aaralan, maaaring makatuklas kayo ng mga paraan para masunod ninyo si Jesucristo nang mag-isa, kasama ang inyong pamilya, o ang inyong klase o korum.



## Paglilingkod at mga Aktibidad

Sa paglahok ninyo sa paglilingkod at mga aktibidad, maaari kayong maging masaya kasama ang inyong pamilya, mga kaibigan, at lider habang natututo ng mga kasanayan, nagkakaroon ng mga bagong karanasan, at naglilingkod sa iba. Maaari rin kayong maglingkod sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga sagradong ordenansa. Ang paglilingkod at mga aktibidad ay batay sa Lucas 2:52 at kabilang dito ang mga aktibidad sa karaniwang araw pati na rin ang ilang araw na mga aktibidad para sa mga kabataan, tulad ng mga camp, temple trip, at For the Strength of Youth (FSY) at mga youth conference.



## Personal na Pag-unlad

Masusundan ninyo si Jesucristo sa inyong personal na pag-unlad kapag naghahangad kayo ng paghahayag tungkol sa paraan kung paano kayo lalago sa lahat ng aspeto ng inyong buhay. Pipili kayo ng gagawin ninyo at maaari kayong humingi ng tulong mula sa pamilya, mga kaibigan, at mga lider.

# ANO ANG SUSUNOD?

## Simulan ang Pakikipag-usap

Kausapin ang inyong mga magulang at lider tungkol sa paraan kung paano kayo lumalago sa apat na aspeto at sa mga bagay na magagawa ninyo para personal na umunlad. Bilang isang klase o korum, pag-usapan ang mga aktibidad na gusto ninyong gawin bilang isang grupo sa darating na taon.



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2019 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 4/19. Pagsasalin ng *Introductory Guide for Children and Youth.* Tagalog. PD60008893 893
Inilimbag sa Pilipinas